
Nilikha base sa impormasyon mula sa gobyerno ng Hokkaido

Para sa pagpasok sa pang preperekturang kagubatan




Ano ang Pang-preperekturang kagubatan?

Ang pang-preperekturang kagubatan sa Hokkaido ay **pag-aari, na nasa pamamahala at pangangalaga ng gobyerno ng Hokkaido,** na nasa 13 subprefectures (maliban sa Soya) at 74 munisipalidad.

Ang mga kagubatan ay makikita sa mga kilalang lugar tulad ng **Mt. Yotei (Ezo Fuji)**, bahagi ng **Niseko** at bundok sa **Daisetsuzan** kabilang ang **Mt. Asahidake,** ganoon rin ang **Uryu-numa Marsh** at **Matsuyama Wetlands**.

Para sa detalyadong lugar ng pang-preperekturang kagubatan sa Hokkaido, mangyaring suriin ang nakalakip na mapa.

Proseso sa pagpasok sa kagubatan



Pagpasok sa gubat upang kumuha ng wild plants o maglibang:

Mangyaring ipaalam sa mga kinauukulang forest office, o isulat ang mga mahalagang impormasyon sa pagpaparehistro sa booth ng pagpasok sa gubat (mga kahon) na nasa malaking forest roads, atbp.

Pagpasok sa gubat maliban sa pagkuha ng wild plants o maglibang:

Mangyaring ipaalam nang maaga sa kinauukulang forest office, mag sumite ng aplikasyon ng apruba sa pagpasok sa gubat at humingi ng sertipiko ng apruba sa pagpasok sa gubat bago pumasok dito.

Mga Dapat pag-ingatan

- Bagalan ang takbo ng sasakyan at magmaneho ng ligtas kung dumadaan sa mga daan na nasa gubat. Huwag ipasok ang sasakyan sa mga saradong gate na nasa gubat.
- Taun-taon ay nagkakaroon ng trahedyang aksidente dahilan ng sobrang tiwala at kawalan ng pag-iingat sa maraming bahagi ng Hokkaido sa pagpasok ng mga tao upang mag-foraging, skiing at mountain climbing, atbp. Siguruhing alam ng pamilya ang iyong lugar na pupuntahan at oras ng pag-uwi, magdala ng pagkain at pang-emergency na kagamitan. Huwag pumasok mag-isa at isumite ang iyong plano sa pag-akyat sa bundok (tozan todoke) sa pulis.
- Para maiwasan ang mga aksidente na may kinalalaman sa Pangangaso o hunting, mangyaring pigilin ang sarili hangga't maaari na huwag pumasok sa kagubatan bukod sa layuning Pangangaso o Hunting sa panahon ng Ezo na usa (magkakaiba ayon sa lugar subalit pangkaraniwan ay mula Oktubre 1 hanggang Marso 31)

TUNGKOL SA SNOWMOBILES



Ang mga snowmobiles ay hindi pinahihintulutan sa loob ng Hokkaido Prefectural Forests dahil sa mga panganib ng aksidente at mga masamang epekto sa kalikasan at kapaligiran, maliban sa mga espesyal na kaso (gaya ng Springtime Controlled Brown Bear Capture operations, o mga operasyong pagsagip, atbp)

Mga Kaugnay na Websites

1. Mga opisinang Pang-Kagubatan para sa bawat subprefecture
   https://www.pref.hokkaido.lg.jp/sr/dyr/doyurinka/doyurin.html
2. Compass (paggawa ng online na plano sa pag-akyat sa kabundukan (tozan todoke)
   https://www.mt-compass.com/
3. Mga lugar kung saan bawal ang paggamit ng baril sa Pangangaso
   (National at Hokkaido Prefectural Forests)
   https://www.rinya.maff.go.jp/hokkaido/apply/nyurin/attach/jyuukinnzu.html

1 2 3

Mapa ng Hokkaido Prefectural Forests

